
2

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Pagtukoy ng Paraan, Panahon at Lugar ng Pagsasagawa ng Kilos o Gawain sa Tahanan, Paaralan at Pamayanan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Filipino – Baitang 2
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Pagtukoy ng Paraan, Panahon at Lugar ng Pagsasagawa ng Kilos o Gawain sa Tahanan, Paaralan at Pamayanan
cUnang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Rhea Llera |
| **Patnugot ng Wika:** | Remedios C. Gerente PhD-CAR |
| | Marieanne C. Ligsay PhD |
| **Tagasuri:** | Edquel M. Reyes MLIS |
| | Alma T. Bautista PhD |
| | Remedios C. Gerente PhD-CAR |
| | Sonny N. De Guzman EdD |
| | Marieanne C. Ligsay PhD |
| **Tagaguhit:** | Isagani D. Tique, Norman B. Cruz |
| **Tagalapat:** | Armando Deogines A. Garcia, Norman B. Cruz |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong PhD, CESO V |
| | Ronilo Al K. Firmo PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas EdD |
| | Nestor P. Nuesca EdD |
| | Engr. Edgard C. Domingo PhD, CESO V |
| | Leondro C. Canlas PhD, CESE |
| | Elizabeth O. Latorilla PhD |
| | Sonny N. De Guzman EdD |
| | Remedios C. Gerente PhD-CAR |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon 3**
Address: Matalino St. Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail address: region3@deped.gov.ph

2

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Pagtukoy ng Paraan, Panahon at Lugar ng Pagsasagawa ng Kilos o Gawain sa Tahanan, Paaralan at Pamayanan

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino Baitang 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagtukoy ng Paraan, Panahon at Lugar ng Pagsasagawa ng Kilos o Gawain sa Tahanan, Paaralan at Pamayanan.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit

pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino Baitang 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagbigay ng Paraan, Panahon at Lugar ng Pagsasagawa ng Kilos o Gawain sa Tahanan, Paaralan at Pamayanan
(F2WG-IIj-6).

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |

| | |
|---|---|
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.

6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang matutukoy ang paraan, panahon at lugar ng pagsasagawa ng kilos o gawain sa tahanan, paaralan at pamayanan(F2WG-IIj-6).

## Subukin

Panuto: Basahin ang bawat pangungusap. Tukuyin mo ang paraan, panahon at lugar ng pagsasagawa ng kilos. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Ang Pasko ay ipinagdiriwang tuwing ________________.
   a. Pebrero b. Disyembre c. hapon

2. Ang nanay ay ____________ magluto ng kalamay.
   a. masarap b. malambot c. maingay

3. Luluwas kami ng ___________bukas para mamili ng gamit.
   a. probinsya b. Maynila c. kusina

4. Kinamayan ako ng aking kaibigan ng buong ___________.
   a. higpit b. luwang c. galit

5. Ang pagong ay _____________ maglakad.
   a. mabigat b. mabagal c. malinis

# Aralin 1 Pagtukoy sa Paraan, Panahon at Lugar ng Pagsasagawa ng Kilos o Gawain sa Tahanan, Paaralan o Pamayanan

Nakuha mo ba ang diwa ng mga pangungusap na iyong sinagutan? Nalaman mo ba kung ano ang mga napili mong mga salita? Pang-abay ang tawag natin sa mga salitang iyong napili. Maaaring ito ay Pang-abay na Pamanahon, Pang-abay na Pamaraan o Pang-abay na Panlunan. Handa ka na bang higit pang matutunan ang mga ito? Halika, magpatuloy ka sa iyong pagbabasa upang lalong mong maintindihan ito.

## *Balikan*

Panuto: Isulat ang MK kung ang pares ng mga salita ay magkasingkahulugan at MS kung ito ay magkasalungat na kahulugan. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. malayong lugar
malapit na paaralan

2. masipag na ama
masikap na anak

3. maliit na pamilya
malaking bahay

4. mataas na pangarap
mababang marka

5. matigas na ulo
malambot na puso

## Tuklasin

Alam kong ikaw ay may pangarap din tulad ng nakararami. Sa tingin mo, paano mo kaya maaabot ito? Halika, basahin mo ang kuwento na maaaring gamitin mong inspirasyon upang maabot ang iyong pangarap.

**Tungo sa Aking Pangarap**

ni Rhea M. Llera



Sabik nang pumasok sa paaralan si Lina. Pero, pinag-iisipan pa ng kaniyang magulang kung siya ay papasok sa paaralan.

Malungkot na binanggit ng kaniyang ina ang tungkol sa pamamaraang *online* na pag-aaral na magaganap sa pagbubukas ng klase.  Sa tono ng pananalita ng kaniyang ina, alam niya ang magiging kapalaran ng kaniyang pag-aaral.

Mahirap lamang ang pamilya nila. Nakatira sila sa isang barong-barong.  Alam ni Lina na hindi kaya ng kaniyang magulang na bilhan siya ng cellphone o kaya naman ng kompyuter na siyang pangunahing gamit sa *online* na klase. Kaya bago pa makapagdesisyon ang kaniyang magulang, nagsalita na siya tungkol sa nabanggit ng kaniyang guro.



Sinabi ni Lina sa kaniyang ina ang tungkol sa iba pang pamamaraan na gagawin ng mga pampublikong paaralan tulad ng pagtuturo gamit ang modyul.

Nakiusap siya na huwag siyang patigilin sapagkat gusto niyang makapagtapos ng pag-aaral upang maabot ang kaniyang pangarap. Pangarap niyang maging isang doktor. Pangarap niyang mai-angat ang

kanilang kalagayan sa kasalukuyan. Idinagdag pa niya na magsisikap at gagawin ang lahat ng kaniyang makakaya para maabot ang kaniyang pangarap.



Nagdesisyon ang mag-asawa na ipatala si Lina sa Baitang 2. Ang paraan pag-aaral ay pagsagot sa modyul sa lahat ng asignatura. Masaya ang magulang ni Lina. Alam nila na tuloy pa rin ang pag-aaral ni Lina sa Baitang 2.

## *Suriin*

Panuto: Basahin ang mga tanong mula sa kuwento. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang suliranin ng pamilya?
   a. pag-aaral ng anak
   b. pambili ng makakain
   c. pambili ng gamot

2. Saan nakatira ang pamilya ni Lina?
   a. sa barong-barong b. sa bayan c. subdibisyon

3. Paano pinag-uusapan ng mag-asawa ang pag-aaral ng kanilang anak?
   a. masaya b. natatakot c. malungkot

4. Saan mag-aaral si Lina?
   a. paaralan b. bahay c. barangay

5. Paano makatutulong si Lina sa kanyang pamilya?
   a. maghahanap na siya ng trabaho
   b. magsisikap na makatapos ng pag-aaral
   c. magpapabili ng telepono at maglalaro

Ang **Pang-abay** ay mga salitang nagbibigay ng turing sa pandiwa, pang-uri o kapwa pang-abay.

May iba't ibang uri ng Pang-abay. Ang ilan sa mga ito ay ang Pang-abay na Panlunan, Pang-abay na Pamanahon at Pang-abay na Pamamaraan.

Ang **Pang-abay na Panlunan** ay mga salita na naglalarawan kung saan naganap ang kilos. Sinasagot nito ang tanong na "**Saan**."

Halimbawa: sa tahanan
sa paaaralan

Ang **Pang-abay na Pamanahon** ay mga salitang nagsasaad king kailan naganap o gaganapin ang kilos.

Halimbawa: sa Lunes mamaya
araw-araw sa Hunyo

Ang **Pang-abay na Pamaraan** ay naglalarawan ng paraan ng paggawa ng kilos o galaw. Sinasagot nito ang tanong na "**Paano**"

Halimbawa: mabilis tumakbo



*Mga Tala para sa Guro*

Ipagawa ang mga pagsasanay sa mga mag-aaral.

# *Pagyamanin*

## Gawain 1

Panuto: Piliin mula sa kahon ang angkop na **Pang-abay na Pamanahon** upang mabuo ang pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| Enero | maagang | Sabado |
| Hatinggabi | araw-araw | palengke |

1. Ang tren ay __________ napuno ng pasahero.
2. Ang Bagong Taon ay ipinagdiriwang tuwing__________.
3. Nakukuha ni tatay ang kanyang sahod tuwing__________.
4. Si Delia ay ____________ na nag-eehersisyo sa umaga.
5. ____________ na ng matapos ni Remy ang kanyang takdang-aralin.

## Gawain 2

Panuto: Hanapin sa pangungusap ang **Pang-abay na Pamaraan.** Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.



1. Mabilis umakyat ng puno ang unggoy.

_______________________________________



2. Mahilig kumain si Dindo ng gulay at prutas.

_________________________________





3. Masayang pumunta ng palengke si Nena.

______________________________



4. Nanlamig sa paliligo sa ulan si Teresa .

______________________________




5. Tahimik na naninirahan ang pamilya ni Jose sa Lungsod ng Mabalacat.

______________________________

## Gawain 3

Panuto: Piliin mula sa loob ng panaklong ang tamang pang-abay upang mabuo ang pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1 Ang dentista ay nagtatrabaho sa (klinika, bukid).

2 Inihahanda ko ang mga plato sa (mesa, kama) bago kami kumain.

3 Masinop na inayos ni Rosa ang mga aklat sa (kabinet, batya).

4 Sumisikat ang araw sa (Kanluran, Silangan).

5 Umakyat sa (ilog , puno) si June upang mamitas ng bayabas.

# *Isaisip*

Mahalagang masanay na gamitin ang mga pang-abay na napag-aralan sa pagsasalita o pagsulat. Ang paggamit nito ay makakatulong upang maipadama ng mas naayon ang mga gawaing iyong ginagawa at maipahatid ang mensahe iyong nais ipaabot.

Panuto: Kumpletuhin ang bawat pangungusap.Hanapin sa mga ulap ang tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

kailan

pandiwa

Pamaraan

pang- uri

Panlunan

**(1)** Ang Pang-abay ay nagbibigay turing sa _________.

**(2)** Ang Pang-abay ay tumutukoy sa ______________sa pangungusap.

**(3)** Ang Pang-abay na pamanahon ay sumasagot sa tanong na _____________.

**(4)** Ang Pang-abay na ______________ ay sumasagot nman sa tanong na "saan."

**(5)** Ang Pang-abay na ____________ ay nagsasabi kung paano ginawa ng isang gawain o kilos.



## *Isagawa*

Panuto: Hanapin ang pang-abay na ginamit sa bawat pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. Ang ibong pipit ay malambing umawit.

2. Maagang pumasok ang tatay sa opisina.

3. Nakatira ang presidente ng Pilipinas sa Palasyo ng Malacañang.

4. Nagsimulang mag-ipon ng pera sa alkansya si Harvey noong isang linggo.

5. Gabi na nang makauwi si Ramon sa kanilang bahay.

## *Tayahin*

Panuto: Ipangkat ang mga pang-abay kung saang kahon sila nabibilang. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| mamaya | malungkot | munisipyo |
| hirap | bukas | kusina |
| maaliwalas | Cebu | Martes |
| kwarto | masinop | Dau |
| masagana | kanina | kahapon |

**Pamanahon**

______________
______________
______________
______________
______________

**Pamaraan**

______________
______________
______________
______________
______________

**Panlunan**

______________
______________
______________
______________
______________

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Gamitin sa sariling pangungusap ang mga pang-abay. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. araw-araw

____________________________________________

____________________________________________

2. masayang ipinagdiwang

____________________________________________

____________________________________________

3. sa parke

____________________________________________

____________________________________________

4. sa susunod na linggo

____________________________________________

____________________________________________

5. sa paaralan

____________________________________________

____________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. Disyembre

2. masarap

3. Maynila

4. higpit

1. 5. mahinahon
   Araw- araw
2. Mesa
3. Masinop
4. Pebrero
5. Puno

**Balikan**

1. MS
2. MK
3. MS
4. MS
5. MS

Suriin

1. A
2. A
3. C
4. B
5. b

**Pagyamanin**

Gawain 1

1. maagang
2. Enero
3. Sabado
4. araw-araw
5. Hating-gabi

Gawain 2

1. mabilis
2. mahilig
3. masaya
4. nilamig
5. Tahimik

**Pagyamanin**

Gawain 3

1. klinika
2. mesa
3. kabinet
4. Silangan
5. puno

**Isagawa**

1. matinis
2. maagang
3. Malacana ng
4. linggo
5. gabi

**Tayahin**

| Pamanahon | Pamaraan | Panlunan |
|---|---|---|
| 1. Mamaya munisipyo | malungkot | |
| 2. Bukas | hirap | kusina |
| 3. Martes | maaliwalas | Cebu |
| 4. Kanina | masinop | Dau |
| 5. Kahapon | masagana | kwarto |

## *Mga Sanggunian*


Battad Teresita T and Versosa May B. *Filipino: Yaman ng Salin Lahi* (Quezon City: Sunshine Interlinks Publishing House Inc., 2013). P 394-396.

Dayag Alma and Jovelina, Lourdes A. *Pluma 2 Ikalawang Edisyon* 2nd ed. (Quezon City: Phoenix Publishing House Inc., 2006). p340-345.

Dizon Carmelita B. and Rasalan Elisabeth S. *Buklod 2* (Quezon City: Bookcraft Publishing Inc, 2006). p283-299.

Garcia, Nilda S., et. al. *Ang Bagong Pinoy Filipino 2 Kagamitan Ng Mag-aaral. Pilipinas* (Quezon City: Rex Book Store Inc., 2013)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph